

Mga madalas itanong:

- **Mayroon akong kalan at oven sa magkaibang lugar.** Sa pangkalahatan, ang stove guard ay para sa mga kalan. May potensyal din ang apoy mula sa kalan na maging malaking sunog. Kadalasan, hindi ganoon kaseryoso ang apoy mula sa oven, kahit na mangamoy sunog ang isang natustang pizza sa oven.
- **Kusang namamatay ang stove guard sa random na paraan.** Alamin kung mas bagong modelo ang iyong stove guard. Mas mahusay at mas ligtas gamitin ang mga pinakabagong stove guard, at mapipigilan ng mga ito ang mga nabanggit. Mahalaga ring maging pamilyar ka sa mga tagubilin para sa iyong stove guard at sundin mo ang mga ito.
- **Kailangan ko ba ng stove guard kung induction stove ang mayroon ako?** Nalalapat ang kinakailangan sa stove guard anuman ang uri ng kalan. Nalalapat ito sa mga kalan na gawa sa ceramic, induction stove, o kalan na gawa sa cast iron. Sa induction stove, patuloy na iinit ang isang kaserola hangga't nasa kalan ito. Kaya naman maaari ding magpasimula ng sunog ang mga nasabing kasangkapan.
- **Mayroon akong gas stove. Kailangan ko pa rin ba ng stove guard?** Hindi, ngunit sa panahon ngayon, nangangailangan na ng flame guard ang mga kasangkapang gumagamit ng gas. Bukod pa rito, mga de-kuryenteng kalan ang may pinakamalaking panganib ng sunog.

Inilabas noong Disyembre 2019



Ang lahat ng pagsisikap laban sa sunog ay isang pambansang inisyatiba para sa pag-iwas sa sunog, na nagfa-follow up sa National Fire Safety Communication Strategy (Pambansang Estratehiya sa Komunikasyon Kaugnay ng Kaligtasan mula sa Sunog) 2013-2020. Isang pambansang organisadong grupo ang nasa likod ng naturang inisyatiba, na binubuo ng mga awtoridad, kumpanya ng insurance, at iba pang organisasyong nauugnay sa kaligtasan mula sa sunog at kuryente sa Norway.



Norsk brannbefals landsforbund



Feiermesternes landsforening




ALT VI KAN
MOT BRANN

Ang mga stove guard ay nakakasagip ng buhay.

Makakuha ng higit pang impormasyon sa sikkerhverdag.no/en

Ang mga stove guard ay nakakasagip ng buhay!

Mahigit kalahati ng mga sunog sa mga bahay sa Norway ang nagmula sa mga naiwang kumukulong kaserola o apoy mula sa kalan. Maaari itong mangyari sa kahit na sino: Mga teenager na nagluluto ng pagkain sa gabi, mga magulang ng mga batang naabala sa gitna ng pagluluto, at mga nakatatandang nakalimot balikan ang kanilang niluluto.



Ano ang stove guard?

1. Paano ito gumagana?

Tutunog ang stove guard at awtomatiko nitong puputulin ang kuryente kung makakalimutan mong patayin ang kalan o kung sobrang init na nito.

Binubuo ang mga stove guard ng dalawang bahagi: isang sensor sa itaas ng kalan at isang power switch, na inilalagay sa likod ng kalan o sa fuse box. Sinusubaybayan ng sensor ang mga kalan. Kung matutukoy ng sensor na may panganib ng sunog, may iti-trigger itong alarm. Kung walang tutugon dito, papatayin ng sensor ang kalan sa pamamagitan ng isang switch. Maaaring ikabit ang mga stove guard sa lahat ng de-kuryenteng kasangkapan.

2. Rehab kumpara sa fixed?

May dalawang uri ng mga stove guard:

1. Mga stove guard na nakakonekta sa saksaksan sa pamamagitan ng isang kable (na tinatawag na rehab). Ang simpleng uri na ito ng stove guard ay kayang ikabit ng kahit na sino. Tingnan ang larawan sa itaas.
2. Mga stove guard na nakakonekta sa isang de-kuryenteng system na nangangailangan ng koneksyon sa fuse box. Electrician dapat ang magkabit sa mga ito. Sa pag-refurbish sa kusina at mga circuit ng kuryente, ganitong uri ng stove guard ang kinakailangan.

Magkano ang stove guard?

Nagsisimula ang presyo ng isang stove guard sa humigit-kumulang 3,500 NOK, depende sa mga kakayahan nito. Ang pinakasimpleng uri ang pinakamura. Maaaring tatlong beses na mas mahal ang «Rolls Royce na opsyon».

Parehong naaprubahan ang mga nasabing variant, ngunit anuman ang uri ng stove guard, inirerekomenda ng mga awtoridad na mga stove guard na naaprubahan ng FG ang bilhin, ibig sabihin, naaprubahan ng FG Skadeteknikk, at sumailalim sa pamantayang pagsusuri. Makikita mo ang mga stove guard na naaprubahan ng FG dito: <https://www.fgsikring.no/brann/komfyrvakt/fg/>

Diskwento sa insurance: Bibigyan ka ng ilang partikular na kumpanya ng insurance ng diskwento sa kaligtasan sa mga premium ng iyong insurance kung mayroon kang nakakabit na stove guard na naaprubahan ng FG. Mangyaring makipag-ugnayan sa iyong kumpanya ng insurance upang malaman kung nalalapat ito sa iyo.

Saan ako makakakuha ng stove guard?

Makakabili ng mga stove guard sa lahat ng tindahan ng electronics, kitchen shop at online store, website ng mga supplier ng stove guard, at kumpanya ng insurance. Kung tumatanggap ka ng mga serbisyo sa kalusugan mula sa munisipalidad, maaari kang magtanong kung makakahiram ka ng stove guard roon.

Paano naman ang mga regulasyon?

Iniaatas ng mga awtoridad na magkabit ng mga stove guard sa mga sumusunod na sitwasyon:

- sa lahat ng bagong bahay
- kapag nagpapalit ng mga de-kuryenteng kasangkapan sa bahay
- kapag nire-refurbish ang iyong kusina at kailangan mo ng bagong circuit ng kuryente.

Nalalapat din ang mga nasabing panuntunan sa mga bahay-bakasyunan. Nalalapat ang mga kinakailangan sa stove guard sa mga bahay at dormitoryo/flat, ibig sabihin, sa mga lugar na tinutulugan at permanenteng tinitirhan ng mga tao. Hindi nalalapat ang mga kinakailangan sa mga kitchenette at kusina sa mga lugar na pinagtatrabahuhan/opisina.